



## NANDIDISKRIMINANG PAGKILOS

Maraming obligasyon ang mga employer sa ilalim ng *The Workers Compensation Act (the Act)*, (*Ang Batas sa Bayad-Pinsala sa mga Manggagawa [ang Batas]*), kasama ang pag-uulat ng mga pinsala sa WCB at hindi gagawa ng nandidiskrimina o paghihiganting pagkilos laban sa isang manggagawa para sa pag-uulat o pagpapatuloy ng isang paghahabol. Para matiyak ang isang matibay at tumutugon na sistema ng bayad-pinsala, mahalagang matugunan ng mga manggagawa at mga employer ang kanilang mga karapatan at pananagutan.

### Ano ang nandidiskriminang pagkilos?

Ang nandidiskriminang pagkilos ay kapag gumawa o magbabantang gumawa ng pagkilos ang isang employer, na likas na paghihiganti laban sa isang manggagawa.

Mayroong dalawang dahilan na kailangang umiral para maganap ang nandidiskriminang pagkilos:

1. Kailangan gawin ng isang manggagawa, kasamahan sa trabaho o kinatawan ng unyon ang isa sa mga sumusunod:
  - mag-ulat o tangkaing mag-ulat ng isang hinihinalang pangyayari ng pagpigil sa paghahabol
  - mag-ulat ng isang pinsala sa pinagtatrabahuhan
  - gumawa ng isang paghahabol para sa bayad-pinsala
  - ipagpapatuloy ang isang paghahabol para sa bayad-pinsala
  - magbigay ng impormasyon sa WCB
  - gamitin ang anumang ibang mga karapatan sa ilalim ng *the Act (ang Batas)* o mga regulasyon ng WCB
  - isagawa ang anumang ibang tungkulin o obligasyon na hinihiling sa ilalim ng *the Act (ang Batas)* o mga regulasyon nito.
2. Bilang resulta ng anumang pagkilos na nakalista sa itaas, gagawa o magbabantang gumawa ng paghihiganting pagkilos ang isang employer, o ang kanilang itinalaga, laban sa tao na maaaring kabilangan ng:
  - pagsuspende, pagtanggap sa trabaho bilang pagbawas sa empleyado (lay off), pagtanggap o pagpapaalis sa trabaho
  - pag-demote o kawalan ng pagkakataong ma-promote sa trabaho
  - pagbawas sa rate ng bayad o mga oras ng trabaho
  - pagdidisiplina, pagsabihan o parusahan
  - isang malaki at hindi kanais-nais na pagbabago sa iskedyul, mga oras ng pagtatrabaho, tungkulin o lokasyon ng trabaho
  - pagtanggì o pag-alis sa pagsasanay o ibang mga pagkakataon na mayroon para sa iba



- anumang ibang pagkilos na makatwirang kikilalanin bilang pasalungat na nakakaapekto sa trabaho ng tao bilang resulta ng isang pagkilos.

### **Paano maghaharap ang isang tao ng reklamo laban sa nandidiskriminang pagkilos?**

Kailangan makipag-ugnayan ang mga indibiduwal sa departamento ng WCB para sa Mga Serbisyo sa Pagsunod na maaaring mag-imbetiga sa mga reklamo, mga alegasyon o mga pinaghihinalang kaso ng nandidiskriminang pagkilos. Tumawag sa 204-888-8081, walang bayad 1-844-888-8081, mag-email sa [Compliance@wcb.mb.ca](mailto:Compliance@wcb.mb.ca) o magsumite ng impormasyon na online sa [www.wcb.mb.ca/compliance](http://www.wcb.mb.ca/compliance).

### **Paano iniimbestigahan ang mga reklamo laban sa nandidiskriminang pagkilos?**

Nagsasagawa ang WCB ng mga imbestigasyon alinsunod sa itinatag na mga administratibong alituntunin at sinusunod nito ang Patakaran 22.20 ng WCB, Pang-aabuso sa Programa.

Ang mga employer ay mayroong pagkakataong sagutin ang isang alegasyon at magharap ng ebidensiya para pabulaanan ang isang alegasyon sa pamamagitan ng pagpapakita na ginawa ang pagkilos para sa mga dahilan na walang kaugnayan sa manggagawa o kinatawan na ginagamit ang karapatan sa ilalim ng *the Act (ang Batas)*.

### **Mayroon bang huling araw para magharap ng reklamo laban sa nandidiskriminang pagkilos?**

Wala. Habang mas gugustuhin na magharap ng reklamo ang isang tao sa loob ng isang taon nang mangyari ang hinihinalang pagkilos, maaaring pigilan ng mga pangyayari na gawin ito ng isang tao. Ang WCB ay magsasagawa ng isang masusing imbestigasyon ayon sa pinahihintulutan ng mga pangyayari.

### **Magkano ang maaaring parusa sa isang employer kung malalamang gumawa sila ng nandidiskriminang pagkilos?**

Magtatalaga ang WCB ng isang multa na \$4,000 para sa unang paglabag, \$5,000 para sa pangalawang paglabag at \$6,000 para sa mga kasunod na paglabag.

### **Maaari bang iapela ang parusa?**

Oo. Mayroong 30 araw ang isang employer mula sa petsa ng desisyon para magharap ng isang apela sa Komisyon para sa Apela. Ito ang huling antas ng apela.



Para simulan ang isang apela, kailangan kumpletuhin ng isang employer ang form ng Aplikasyon para Mag-apela na makukuha sa [www.appeal.mb.ca](http://www.appeal.mb.ca) o humingi ng form sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Tagapangasiwa ng Pagtatakda ng Iskedyul sa 204-925-6114 (may bayad).

Bagaman hiwalay ang mga tungkulin ng Komisyon para sa Apela mula sa WCB, nasasaklawan ito ng *the Act (ang Batas)* at mga patakaran ng WCB.

**Kung mayroon akong mga tanong tungkol sa nandiskriminang pagkilos sino ang aking matatawagan?**

Tawagan ang Mga Serbisyo ng WCB sa Pagsunod sa 204-888-8081, walang bayad 1-844-888-8081 o mag-email sa [Compliance@wcb.mb.ca](mailto:Compliance@wcb.mb.ca).

Ang lathalang ito ay ipinapagkaloob bilang pangkalahatang impormasyon. Hindi ito nilalayon na maging legal na payo, at hindi dapat asahan na bilang tulad. Para sa mas tiyak na impormasyon, tingnan ang *The Workers Compensation Act and Regulations and WCB Policies*. Ang mga dokumentong ito ay makukuha sa website ng WCB sa [wcb.mb.ca](http://wcb.mb.ca).